



Marso 27, 2020

Mahal naming mga magulang,

Re: Continuity of Learning Plan

Sa pagtatapos ng Spring Break, nais naming pasalamatang ang lahat ng mga mag-aaral at pamilya sa kanilang pasensya habang tayo ay bumubuo ng plano para sa patuloy na pagaaral (continuity of learning). Alam naming mahirap na panahon ito para sa ating lahat, pagkaya at pag-adjust sa mga pagbabago sa pang-araw-araw na buhay, dahil sa patuloy na nagbabagong krisis ng kalusugang pampubliko. Nais naming tiyakin sa inyo na ang ating Distrito ay nandito upang suportahan ang mga pamilya sa mga darating na linggo at buwan, kung saan ang kalusugan at kaligtasan ang ating pangunahing prayoridad.

Katulad ng inyong nalaman sa una naming pahayag, ang probinsya ay sinuspinde ang lahat ng klase hanggang Marso 17th. Ang Langley School District ay nagbibigay sa inyo ng kaukulang buod tungkol sa ating District's **Continuity of Learning Plan** na gagabay sa atin sa paparating na hinaharap. Mangyaring tingnan ang nakalakip na plano na kinabibilangan ng mga expectations, timeline, at impormasyon para matulungan ang lahat na lumipat sa isang panibagong educational reality.

Ginugol namin ang huling dalawang lingo para buoin ang isang pinagisipan, tumutugon at flexible na pamamaraan. Ang una nating adhikain ay ang pagtugon sa mga pangunahing pangangailangan ng mga estudyante at mga pamilya, kung saan ang pokus ay ang pagbibigay ng suportang pangkalusugan at kaligtasan. Bilang educators, aming napapagtanto na kung hindi matutugunan ang pangunahing pangangailangan na ito, ang pag-aaral ay hindi maaaring mangyari. Kasunod nito, ang ating Education goal para sa mga estudyante ay ang gumawa ng higit pa sa pagpapatuloy na pag-aaral. Gagawin namin ang lahat upang maiba ang paraan ng pag-aaral, maghanap ng mga bagong oportunidad sa edukasyon at magbigay ng pagbabago kung kailan at saan posible.

Upang tulungan ang mga pamilya na maghanda para sa pagbigay ng pag-aaral sa tahanan, ang mga guro ay magsisimulang makipag-ugnayan sa mga pamilya sa pamamagitan ng telepono at email sa **susunod na linggo**. Ang layunin nito ay mangalap ng impormasyon na kailangan para patuloy na magkaplano. Mangyaring maging handa para sagutin ang mahahalagang tanong tungkol sa mga pangangailangan at suporta para sa inyong anak at pamilya (e.g. esensyal na trabahador, iba't-ibang mga pangangailangan sa pag-aaral, mga pangangailangan sa teknolohiya). Sa mga pamilya na merong mga magulang/tagapangalaga na kasama sa esensyal na trabahador, ang Distrito ng Paaralan ay makikipagtulungan sa mga childcare provider upang patuloy na matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Marami pa ang kailangang gawin sa pagpapalano at paghahatid ng serbisyong ito. Para sa mga pamilyang gustong bumisita sa paaralan para makuha ang mahahalagang pag-aari, resources, at suplays, ito ay pwedeng maisaayos sa pamamagitan ng administrator ng gusali. Ang mga paaralan ay magbibigay ng impormasyon ukol dito pag naisaayos na ang plano at skedyul. **Sa unang linggong ito, ang mga mag-aaral at mga magulang ay hindi inaasahang pumunta sa paaralan sa anumang dahilan, maliban na lang kung may paunang pahintulot sa paaralan.**

Sa lingo ng **Abril 6th**, maaari mong asahan ang tawag at/o email mula sa (mga) titser ng inyong mga anak na may ilang pagbabahagi ng mga online na sanggunian at impormasyon tungkol sa continuation of learning. Sa lingo ng **Abril 14th**, nagpapalano kaming magbigay ng consistent

learning opportunities para sa mga estudyante batay sa impormasyong nakalap namin nitong nakaraang dalawang linggo.

Tulad ng ginagawa namin sa nakaraang dalawang buwan, kami ay patuloy na magpadala sa inyo ng lingguhang update mula sa distrito, pati na rin ang bagong impormasyon mula sa Ministria at Fraser Health Authorities habang ito ay nagaganap. Dagdag pa, maaari mong asahan na makatanggap ng mga updates mula sa inyong paaralan at guro katulad ng dati. Kung sa anumang oras ay mayroon kayong katanungan o alalahanin, mangyaring huwag mag-atubiling makipagugnayan sa inyong guro at tagapangasiwa ng paaralan. Sa pagpapatuloy, kung ikaw ay may tanong o pagaalala sa Distrito, mangyaring mag-email sa [feedback@sd35.bc.ca](mailto:feedback@sd35.bc.ca). Hinihingi namin ang inyong pasensya at pangunawa na ang mga administrador, guro, at mga tauhan ay maaaring hindi lahat makasagot sa unang linggo. Tulad ng alam nating lahat, ito ay isang hindi inaasahang panahon, at sisikapin nating gawin ang lahat ng makakaya natin para masuportahan ang ating mga estudyante at pamilya.

Nais ko ring ipaalam sa inyo na ang Distrito ay nagtrabaho kasama ng Langley School District Foundation para sa patuloy na pagbibigay ng kanilang programang Food For Thought. Ang Foundation ay magbibigay sa mga pamilyang may pangangailangan ng may gift cards para sa mga tindahang groseria. Kung nais ninyong tulungan ang ating mga pamilya, paki-considerang magbigay ayuda online [dito](#).

Nakita namin kung paano maging suportado at mapangalaga ang lahat sa ating komunidad. Hinihikayat namin kayo na patuloy na taglayin ang mga katangiang ito. Alam natin na ang ating mga estudyante, kawani, at pamilya ay matatag at ako ay nagtitiwala na magtutulungan tayong lahat para malagpasan natin ito.

Taos-puso,



Gord Stewart  
Superintende ng mga Paaralan